DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

MGA PAALALA SA PAGSUNOD SA KONDISYON NG PROGRAMANG 4PS

Bilang miyembro ng 4Ps, kaakibat nito ang responsibilidad na sundin ang mga kondisyong ipinapatupad ng programa kapalit ng tulong-pinansiyal. Sa patuloy na pagtupad ninyo sa mga kondisyon ng programa, tiyak na makakamtan ang inyong hangaring pag-unlad!

Ano ang mangyayari kung hindi kayo makatupad sa mga kondisyon ng programa?

1. Kayo ay bibigyan ng *Notice of Failure to Comply* o abiso sa hindi pagsunod sa lahat ng kondisyon

Minomonitor ng 4Ps ang pagsunod ng inyong pamilya sa kondisyon ng programa kada buwan. Kapag nakitang kayo ay **hindi nakatupad sa lahat ng kondisyon sa loob ng dalawang buwan**, kayo ay makakatangap ng ***Notice of Failure to Comply*** upang kayo ay maabisuhan sa hindi ninyo pagtupad sa lahat ng kondisyon ng programa.

2. Kayo ay isasailalim sa *evaluation period*

Sisimulan ang **isang taong *evaluation period* matapos kayong bigyan ng *Notice of Failure to Comply***. Habang nakasailalim dito, magsasagawa ng *case management* ang inyong City/Muncipal Link (C/ML). Kung kayo ay nakakasunod sa alinmang kondisyon ng programa, kayo ay patuloy na makakatanggap ng tulong-pinansyal.

Matapos ang **magkakasunod na apat na buwan nang hindi pa rin pagsunod sa lahat ng mga kondisyon ng programa, isasailalim sa *intensive case management* ang inyong pamilya** upang masolusyunan ang mga dahilan ng hindi ninyo pagsunod sa mga kondisyon ng progama.

Makalipas ang anim na buwan, magsasagawa ang inyong C/ML ng *evaluation checkpoint*. Bibigyan ng *Encouragement Letter* ang pamilya na nakakitaan ng pagsunod sa mga kondisyon ng programa at *Warning Letter* naman kung kayo ay hindi pa rin sumusunod sa mga kondisyon.

3. Kayo ay maaaring matanggal na sa programa

Kung ang inyong pamilya ay **patuloy na hindi nakasunod** sa lahat ng mga kondisyon ng programa **pagkatapos ng isang taong *evaluation period***, nagpapakita ito ng kawalan ng inyong interes na manatili sa 4Ps, kaya naman ang inyong pamilya ay **maaari nang matanggal bilang benepisyaryo ng programa.**

Anu-ano nga ba ang mga kondisyon na kailangan ninyong tuparin?

Bilang benepisyaryo ng programa, kailangang matupad ng inyong pamilya ang sumusunod na mga kondisyon:

- Ang mga batang nasa **3-18 taong gulang** ay kinakailangang **pumasok sa eskwelahan at dumalo sa klase nang hindi bababa sa 85% ng kabuuang bilang ng klase kada buwan**. Sa kasalukuyan, hanggang 3 bata lamang kada pamilya ang maaaring mapili para i-monitor ng programa na maaaring makatanggap ng tulong-pinansyal para sa edukasyon;
- Ang mga **buntis ay kinakailangang magpakonsulta bago at matapos manganak at magpaanak sa isang lisensyadong propesyuna**l upang sila ay makatanggap ng *post-partum care* at *essential newborn care* para sa kanilang bagong silang na sanggol;
- Ang mga batang nasa **0-5 taong gulang** ay kinakailangang **magpabakuna at regular na magpakonsulta** sa mga *health professionals* upang ma-monitor ang kalusugan;
- Ang mga batang nasa **1-14 taong gulang** ay kinakailangang **uminom ng pampapurga dalawang beses sa isang taon**; at
- Ang isa sa responsableng miyembro ng pamilya ay kailangang dumalo sa **Family Development Session (FDS)** kada buwan.

PAALALA: Kinakailangang siguraduhin na updated at tama ang impormasyon ng bawat miyembro ng inyong pamilya sa talaan ng programa lalo na ang buong pangalan, edad, at ang address ng inyong kasalukuyang tirahan. Sa mga batang miyembro naman, kailangang updated din ang kasalukuyang ekswelahang kanilang pinapasukan at health center na pinagpapakonsultahan.

Kung mayroon kayong katanungan, o reklamo tungkol sa inyong natanggap na tulong-pinansyal o sa inyong compliance sa kondisyon, maaaring ninyong iparating ang inyong mensahe sa Tanggapan ng Reklamo ng 4Ps sa pamamagitan ng email, GRS helpdesks, Facebook Page, o magtext sa aming GRS Hotline number 0918-9122-813 gamit ang mga detalyeng ito:

4PS [space] Household ID Number [space] Pangalan [space] Mensahe.

Maaari rin kayong sumangguni sa inyong mga C/MLs o iba pang kawani ng DSWD.